# Vallejo Waste Zero Ways

Recology Vallejo

2026 NEWSLETTER SA TAG-INIT

*Tampok ng Komunidad* — Vallejo

## Mga hakbang na nakatutulong sa pagpapanatiling malinis ng isang komunidad

Tinatawag na ni Yusef Walker na tahanan ang Vallejo mula pa noong 1997, at nanirahan siya sa komunidad ng Northgate noong 2011. Bagama't ang pangunahing trabaho niya ay nasa seguridad, nagkaroon siya ng layunin na buong pusong panatilihing malinis ang kanyang lokal na komunidad.

Tulad ng marami, nagsimula rin siyang magtrabaho mula sa bahay noong mga 2020, na nagbago sa kanyang pang-araw-araw na gawain. Mas madalas na siyang naglakad sa kanyang komunidad, at ginawa niyang pagkakataon ang isang routine na pag-eehersisyo nang mag-isa upang makatulong sa pangangalaga ng komunidad.

Sa isa sa mga paglalakad na ito, nakasalubong niya ang isang nakatatandang mag-asawa na may



dalang mga pamulot ng basura. Ang nagsimula bilang biglaang pagkikita ay mabilis na nauwi sa isang pagkakaibigang nabuo dahil sa kanilang iisang layunin na mapanatiling malinis ang komunidad. Sa kasalukuyan, madalas nilang ipinaaalam sa isa't isa ang kanilang mga gawain at naghahati sila sa mga gamit tulad ng mga stick, bag, at guwantes upang mapadali ang trabaho.

Para kay Yusef, naging mahalagang bahagi nang kanyang buhay ang gawaing ito, hindi lamang para sa kapaligiran kundi para rin sa kanyang sariling kapakanan. Layunin niyang makalabas kahit kada ikalawang araw, at sinasabi niyang nararamdaman niya ang kaibhan sa kanyang katawan kapag ilang araw siyang hindi nakalabas.

Kung minsan, may iba pang kapitbahay na nakikilahok, na nagiging sama-samang pagsisikap upang mapanatiling malinis ang mga kalye. Gayunpaman, nariyan pa rin ang hamon.

Ang sabi niya, "Nakakakita pa rin kami ng ilegal na pagtatapon ng basura sa lugar."

Kapag nakakita si Yusef at ang kanyang mga kapitbahay ng mas malalaking itinapong basura, tulad ng mga kutson, inaako nila ang responsibilidad na tiyaking maitatapon nang maayos ang mga ito.





### MALIGAYANG ANIBERSARYO, RECOLOGY VALLEJO!

Ipinagmamalaki at ipinagpapasalamat namin ang pagdiriwang ng aming ika-100 taon bilang tagapagbigay ng serbisyo sa pagreresiklo, pagko-compost, at pagkolekta ng basura sa Vallejo.

Itinatag nina Tony at John Zunino ang Vallejo Garbage Service noong 1926. Ang unang disposal site ay malapit sa Highway 37 at Sacramento Street.

Noong 1982, ang negosyo ay binili ng Golden Gate Disposal na nakabase sa San Francisco at naging bahagi ito ng Norcal Waste Systems, Inc. Inilipat ang lokal na operasyon sa aming kasalukuyang lokasyon sa Broadway.

Noong 2009, pinalitan ng Norcal ang pangalan nito at ginawang Recology upang maisalamin ang pamumuno nito sa industriya ng resource recovery.

Umaasa ang Recology Vallejo na magkaroon ng marami pang taon ng pagtulong sa mga residente at negosyo upang mapanatiling malinis ang ating komunidad.

## Kwalipikado para sa serbisyo sa Pagkolekta ng Malaking Basura ang mga property na pinaninirahan ng maraming pamilya.

Ang mga property na pinaninirahan ng maraming pamilya ay maaaring mag-iskedyul ng isang libreng Pagkolekta ng Malaking Basura (Bulky Item Pickup, BIP) bawat taon para sa kanilang mga residente.

Dapat tawagan ng property manager ang Recology upang mag-iskedyul ng pagkolekta para sa buong complex. Kwalipikado ang bawat property para sa dami ng pagkolekta na katumbas ng kalahating cubic yard bawat unit ng tirahan.



Maghahatid kami ng kahon para sa malalaking kalat bago ang nakatakdang serbisyo upang mailagay ang kabuuang dami na pinapayagan para sa property. Maaaring magsama ng isang kahon sa kabuuang daming ito para sa hiwalay na pagtatapon ng mga e-waste, appliance, at kutson. May bayad para sa mga item na may Freon.

Maaaring manatili ang mga kahon para sa kalat sa property nang tatlong araw, hindi kasama ang mga weekend o ang araw ng paghatid o pagkolekta.

Hindi tatanggapin ang mapanganib na basura, dumi, mga bato, kongkreto, o mga appliance na pangkomersyal ang laki.

## Panatilihing madaling ma-access ang mga lalagyan.




Pakitiyak na ang lahat ng itinatapong nireresiklo, compost, at basura ay nakalagay lahat sa loob ng iyong mga Recology cart at bin na nakasara ang mga takip.

Maaaring hindi namin makolekta ang laman ng iyong mga lalagyan sa araw ng pagkolekta kung may mga materyal o bag na nakapatong sa ibabaw ng mga ito o humaharang sa pag-access.

Kung palaging mas marami ang itinatapon ng iyong negosyo kaysa sa kasya sa iyong mga cart o bin, makipag-ugnayan sa isang Waste Zero specialist upang maiangkop ang pagseserbisyo sa iyo ayon sa tamang sukat.

### MAGRESIKLO

**DAPAT AY WALANG LAMAN, MALINIS, AT TUYO ANG MGA NIRERESIKLO**

Walang tirang pagkain, likido, o mga plastik na bag.
Huwag ilagay sa bag ang mga nireresiklo.





MALINIS NA PAPEL AT KARTON



MATITIGAS NA PLASTIK



MGA BOTE AT GARAPONG SALAMIN



MGA METAL





### MAG-COMPOST

**WALANG SALAMIN, WALANG ANUMANG URI NG PLASTIK**



MGA TIRANG PAGKAIN



MGA PINAGTABASAN SA BAKURAN



MGA PRODUKTONG PAPEL NA MAY TIRA NG PAGKAIN NA WALANG COATING




### TAMBAKAN NG BASURA



ISAHANG-GAMIT NA PLASTIK



MGA SNACK BAG, PAMBALOT, AT MGA PRODUKTONG PAPEL NA MAY COATING



MGA PADDED MAILER, SOBRE, BUBBLE WRAP, AT STYROFOAM




**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!**

*Se Habla Español*
*Nagsasalita kami ng Tagalog*

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon